BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Inilulunsad ng Lungsod ng Brampton ang Request for Expression of Interest

## para sa pampabagong proyekto ng City Lands

BRAMPTON, ON (Marso 22, 2023) – Inilulunsad ngayon ng Lungsod ng Brampton ang Request for Expression of Interest para sa pampabagong proyekto ng City Lands.

Sa pamamagitan ng pag-access sa dokumento ng Request for Expressions of Interest (RFEOI) sa City Lands Project Webpage, ang mga iinteresadong partido ay pwede na ngayong magsumite ng komprehensibong mga plano para I-develop ang site tungo sa isang masiglang urban realm at nalalakad na kapaligiran na kinabibilangan ng moderno, multi-purpose na cricket facility.

Kabibilangan ang RFEOI ng partikular na mga tagubilin tungkol sa mga proseso ng komunikasyon at mga deadline, at isang dedicated na mga paraan ng intake para sa mga tanong at isyu.

Ang prospektibong mga proponent ay pwedeng isumite ang kanilang mga tanong sa pamamagitan ng isang email na inilaan sa proyekto rfeoi@brampton.ca.

**Tungkol sa proyekto ng City Lands**

Natukoy sa 2040 Vision ng Lungsod bilang isang mahalagang pagkakataon, ang site na ito na may higit sa 100 acre, na pag-aari ng Lungsod ng Brampton, ay may pampabagong potensyal na magpapasulong sa lugar bilang isang rehiyonal na destinasyon.

Ang 2019 teknikal na pag-aanalisa ay tinukoy ang strategic na pagkakataon upang baguhin itong malaki, pwedengiI-develop na precinct (dating tinawag bilang “CAA Lands”) mula sa sports complex tungo sa isang malaking mga pagkakataon na transit-oriented para sa mga residensyal, negosyo, libangan, at turismo na siksikan.

Sa kasalukuyan, ang lugar ay matatagpuan sa silangan ng Kennedy Road South, kanluran ng Highway 410 at ang hilaga ng 407 ETR ay ang lokasyon ng CAA sports at entertainment facility (dating kilalang Powerade Centre). Ang redevelopment ng mga lupa ay naaayon sa vision ng Lungsod na pagpapasulong sa mga proyekto upang lumikha ng “kumpletong mga komunidad”.

**Mga Quote**

“Sa loob ng huling limang taon, ang Lungsod ay nagpapasulong ng mga plano para tuparin ang mga hinihingi para sa isang bagong Multi-Purpose Cricket Facility a isulong ang vision na pagtayo sa komunidad para sa katangi-tanging site na ito. Ang araw na ito ang nagmarka sa isang malaking

milestone habang nagsisimula tayong maghanap ng mga matapang na ideya upang makatulong na makitang naisabuhay ang vision na ito. Salamat sa mga residente, negosyo at lokal na mga stakeholder na nagbigay ng kanilang feedback para makatulong na matiyak na tayo ay nag-curate at nagpaplano ng mga amenity at serbisyo na tutugon sa mga pangangailangan ng komunidad."

*-Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Iniimbitahan ng Lungsod ng Brampton ang prospektibong mga proponent upang lumahok sa eksepsyonal na kapana-panabik na premier sports facility at inisyatiba ng pagtiitipon-tipon sa mga tao ng komunidad. Ang yugtona ito ng proyekto at imbitasyon ay kumakatawan sa maagang pagkakataon na makipag-partner sa Lungsod upang maghatid ng pangmatagalang panlipunan, pang-ekonomiya at kultural na mga benepisyo sa potensyal na mga partner, sa Lungsod at sa mga residente nito."

*- Michael Palleschi, Rehiyonal na Konsehal, Wards 2 at 6; Chair, Planning and Development Committee*

*"*Sa pamamagitan ng pagbago sa City Lands tungo sa isang bagong urban core na may malaking mga oportunidad na transit-oriented para sa residensyal, pangnegosyo, panlibangan, at turismo na siksikan, mayroong napaka-exciting at tunay na pagkakataon para mas mabuksan ang malaking pang-ekonomiyang potensyal ng Brampton. Ang pangunahing lokasyon na ito ay nagpipresenta ng strategic na pagkakataon para sa kapwa lungsod at potensyal na mga proponent, at inaasahan natin na makita kung maisisiwalat ang kasunod na yugto ng proyektong ito."

*- Gurpartap Singh Toor, Rehiyonal na Konsehal, Wards 9 at 10; Chair, Economic Development*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca